

1

Boracay, the summer hot spot for celebrities and ordinary people alike; paboritong pasyalan ng mga taong gustong i-enjoy ang white sand beach at ang dagat; para sa mga gusto lang magpahinga at umiwas mula sa magulo at maingay na lunsod.

Kabilang sila ng kaibigang si Chase na naroon para tumakas panandalian sa magulong buhay ng Maynila. Ikatlong araw na nila roon at kanina pa siya naglalakad sa beachfront. Iniwan niya si Chase sa company ng isang bagong kakilala.

Calvin smiled to himself. Kung sa pagiging matinik sa chicks, hindi sila pahuhuli ni Chase doon. Wala lang siya sa mood ngayon kaya lumabas siya. And besides, kapag magkasama silang dalawa ng kaibigan, mas pansinin ito kaysa kanya. Maaari kasing hindi nalalayo ang physical appearances nila, kilala ito bilang tanging tagapagmana ng *Villanueva Empire*. At malaking advantage iyon para rito.

Hindi naman siya bitter. At lalong hindi siya naiinggit.

Malayong pinsan na niya sa mother side si Chase

bukod pa sa best friend niya ito. And he may not be as rich and as popular as him, pero may na-accomplish na rin siya kahit paano.

Habang nagtatrabaho bilang assistant ni Chase sa furniture shop nito, nagtayo siya ng sarili niyang hardware shop na nagbebenta ng iba't ibang merchandise from home basics to power tools and car cares. Sa ngayon ay may branches na sa tatlong sikat na malls sa Manila ang shop niya.

Hindi man siya milyonaryo, he could afford anything he wanted.

He was busy admiring a group of American ladies na nakita niyang nakatingin sa kanya. Naaliw siya nang makita niyang nag-swoon ang mga ito nang pakitaan niya ng kanyang killer smile.

Naglalakad siya pero hindi siya nakatingin sa harapan, kaya hindi niya napansin na babaeng makakasalubong. Nakayuko ito at mukhang nagmamadali.

“Ay, kalabaw!” malakas na sabi nito na bagaman hindi nabuwal sa lupa ay nawalan pa rin ng balanse.

Napalingon si Calvin sa nabunggong babae. Tumingala rin ito sa kanya. Sandaling nagtama ang mga mata nila. And for that few seconds, pakiramdam

niya ay huminto ang pagtakbo ng oras. Naging eratiko ang pagtibok ng kanyang puso. Bagay na hindi naman nangyayari sa kanya sa harap ng kahit sinong babae.

Her eyes were the color of honey, shaded with long eyelashes and made more attractive by her arched brows. Bahagyang nakaawang ang mapupula nitong labi.

“I... I’m sorry...” hingi nito ng paumanhin bago dinampot ang nalaglag na libro at saka siya iniwan.

Parang bigla siyang nagising sa spell na lumukob sa kanya. Ipinilig niya ang ulo at tinawag ang babae, pero mabilis na itong nakalayo. He tried to follow her but lost her in the midst of the crowd.

May panghihinayang na bumalik na lang siya sa hotel na tinutuluyan nila ni Chase. Nawalan na tuloy siya ng mood para mamasyal.

Sayang, hindi ko man lang naitanong ang pangalan niya.

Lukot ang mukha niya nang puntahan ang silid na inookupa ng kaibigan. He had been going around, perusing the beachfront in the hope of finding the mysterious woman. Nasuyod na yata niya ang vicinity, pero ni anino nito ay hindi na niya nakita. And it irritated him.

Kumatok siya sa penthouse ni Chase. The blonde babe he left him with opened the door. Nakasuot lang ito ng makapal na terry robe. Sa likuran nito ay nakita niyang lumabas ng bathroom ang lalaking nakasuot ng bathrobe. Lumapit ito nang makita siya.

“Calvin, ikaw pala. Come in!”

Niluwangan ni Miss Blondie ang pagkakabukas ng pinto at pinapasok siya. Humagod sa kabuuan niya ang mga mata nito. Tumaas ang isang kilay nito at pilyang isinubo ang hintuturo habang pailalim na nakatitig sa kanya.

Gusto niyang matawa. Chase had obviously bedded her and yet heto ito at siya naman ang pinupuntirya. Hindi na siya magtataka kung kakatok ito sa kuwarto niya mamaya.

She walked barefoot toward his friend.

“I’ll take a quick shower and then we can...” Pinaglandas nito ang isang daliri sa dibdib ni Chase pababa sa pagitan ng mga hita nito and grazed on his maleness. “...lie under the sheets again.”

He kissed her unabashedly, walang pakialam na naroon siya.

“Let’s do that again some other time. May

mahalaga kaming pag-uusapan nitong kaibigan ko.”

Ngumuso ang babae pero hindi na ito nagreklamo. Pumasok ito sa banyo.

Sumalampak siya sa couch, pailing-iling.

“What?” tanong ni Chase. Nagsuot ito ng boxers at sando.

“Hindi pa rin talaga humuhulas ’yang charms mo,” tudyo niya. Nagkibit-balikat lang ito. “So how was she?”

Ngumisi ito. “I’m not the kiss and tell type.”

Humalakhak siya.

“Hindi ka ba lumabas?”

“Kapapasok ko nga lang. Galing ako sa beachfront.”

“And?”

Kilalang-kilala na talaga siya nito.

“I met this wonderful girl...”

“Why aren’t you with her now?”

Naging ugali na nilang magkaibigan na hindi nila pinakakawalan ang bawat babaeng magustuhan.

Not unless wala itong interes sa kanila, which seldom happened.

“I didn’t actually meet her. Nagkabunguan lang kami.”

“You didn’t get her name?”

Umiling si Calvin. “Hindi. She was gone even before I could catch up with her.”

“Aww!”

Noon muling lumabas si Miss Blondie mula sa banyo. Walang pakialam itong naghubad ng robe at nagbihis sa harapan nila. Nagkatinginan na lang sila ni Chase.

Nang tuluyan na itong makaalis ay saka nila itinuloy ang pag-uusap.

“Ano ba talaga ang nangyari?”

“Yun na nga. Nagkabunguan kami sa beach. Nag-sorry lang siya ’tapos bigla nang umalis. I guess masyado akong na-dumbstruck sa kanya kaya sandali akong nawala sa sarili.”

“Ano’ng hitsura?”

“Katamtaman ang tangkad, maganda ang mga mata, matangos ang ilong, mapula ang mga labi...

you know. She has all the physical attributes na weakness ko.”

Napasipol ito. “Looks like she’s pretty special.”

“At hindi ko siya kilala.” Napasimangot siya.

Napapalatak ang kausap. “Too bad.”

“Yeah.”

Sandali silang natahimik.

“Sinubukan mong ipagtanong siya?”

“Hinanap ko na siya everywhere. Pero ni anino niya’y hindi ko nakita.”

“Oh well, kalimutan mo na lang ang babaeng ’yun.”

I wish I could, naisaloob niya. Nang may napansin siya. “Shit!”

“O, bakit?” nagtatakang tanong ni Chase nang makitang nakahawak siya sa kanyang kanang pupulsuhan.

“Nawawala ang bracelet ko. Nahulog yata sa beach nang hindi ko namamalayan,” nanghihinayang na sagot niya.

Napailing ito. “Punta na lang tayo sa *Tops*. Iinom

mo na lang 'yang pagkawala ng bracelet mo... pati ang mysterious girl mo.”

Sinang-ayunan na lang niya ang kaibigan.

Bored na si Zaira. Nakapangalumbaba siya sa mesa habang nag-e-enjoy sa pagsasayaw to the tune of *Moves Like Jagger* ang mga kaibigan niya. Napabuntong-hininga siya nang malakas.

“Ang lalim naman n’un.”

Nilingon niya ang nagsalita. Lalong nalukot ang magandang mukha niya nang makita ang lalaking ipinakilala sa kanya ni Cathy.

“I’m Nate. Remember me?”

Pinigil lang niyang umirap. Paano ba niya itong makakalimutan? Halos isang oras pa lang silang magkakilala, feeling boyfriend na ito kung umasta.

“Care to dance?”

“Kanina pa ako sumasayaw, Nate. Napapagod na ako kaya ako umupo,” pagtataray niya. Pero sadya yatang manhid ang lalaki. Walang babala nitong hinawakan ang kanyang kamay at hinila siya patayo.

“Nate!”

“Come on, pagbigyan mo na ako.”

Pasalamat ka't hindi ako tinuruang maging bastos ng magulang ko, naisip niya.

Sumiksik sila sa karamihan ng tao sa dance floor. Nate started to groove with the music. Siya naman ay nakatayo lang at isini-sway ang katawan para lang masabing nagsasayaw.

Nang matapos ang kanta ay babalik na sana siya sa mesa pero nahapit siya nito sa baywang.

“Dito ka lang. The music’s just getting started.”

Isang slow mellow music ang sumunod. Pinagbigyan niyang muli ang kasayaw para hindi na lang makagawa ng eskandalo. She hated creating a scene.

Napabuga siya ng hangin at ipinatong ang dalawang kamay sa mga balikat nito. Ngumisi si Nate, and Zaira was too bored to notice the gleam in his eyes.

Samantala, nagpapahangin lang si Calvin dahil medyo tipsy na siya sa nainom nila ni Chase. Mababa kasi ang alcohol tolerance niya unlike his friend. Nakaupo siya sa buhanginan at nakatanaw sa dagat.

Marami pa ring tao sa beachfront kahit pasado

alas diez na ng gabi. Kung saan siya naroon ay mangilan-ngilan lang ang mga pareha at grupong natatanaw niya.

One pair caught his attention. Mukhang nag-aaway ang dalawa. Naalarma siya nang hilahin, no, kaladkarin ng lalaki ang kasamang babae papunta sa isang medyo madilim na lugar.

Napatayo siyang bigla at sumunod sa mga ito.

“Shit! Calvin... wala kang pakialam sa kanila,” saway niya sa sarili.

But that reasoning didn’t stop him from rescuing the damsel.

“Nate! Ano ba? Bitiwan mo s’abi ako!” narinig niyang pagtutol ng babae. Even in the shadows, nakita niya kung paano ito magpumiglas mula sa pagkakahawak ng lalaki.

“Bakit ba ang arte mo, Zaira? Couples have sex everytime. Why can’t we?”

Lalong nabahala si Calvin sa narinig. Ni minsan, kahit sa panaginip ay hindi siya namilit ng babae para lang mapunan ang pisikal niyang pangangailangan. And he couldn’t imagine why some men would go to such lengths.

“We’re *not* a couple! Ang kapal ng mukha mo!”

He could hear the panic in her voice.

“Iyan naman ang hirap sa mga babaeng katulad mo. You lead men on pagkatapos iiwan n’yo na lang sa ere.”

“I didn’t lead you on, you bastard!”

The guy lunged at her at hindi na nagawang nakaiwas ng dalaga. Hindi rin ito nakasigaw dahil tinakpan ng lalaki ng isang kamay ang bibig nito.

Hindi na siya nag-aksaya ng panahon. Hinila niya ito at binigwasan ng isang suntok sa mukha. Tumilapon ito sa lupa. Hinablot niya ang kamay ng babae at patakbo itong inilayo sa lugar na iyon.

“Teka, sandali!”

Huminto siya at nilingon ito. Para siyang itinulos sa kinatatayuan.

“It’s you!”

“Huh?” Nagsalubong ang dalawang kilay nito sa pagtataka.

“Ikaw ’yung nakabunguan ko kanina!”

Halos magdikit na ang mga kilay nito.

“I’m sorry. Bigla ka kasing nawala kanina, kaya hindi na ako nakapagpakilala.” Inilahad niya ang isang kamay. “Ako nga pala si Calvin Delgado.”

Tiningnan pa muna ng dalaga ang kamay niya bago nito iyon tinanggap.

“Z-Zaira Muñoz.”

He squeezed her hand gently and smiled. Nakita niyang namula ang mga pisngi nito. Dahan-dahang gumuhit sa mga labi nito ang isang matamis na ngiti.

“Ang mabuti pa’y umalis na tayo dito. Baka masundan pa tayo ng boyfriend mo.”

“He’s *not* my boyfriend. Ipinakilala lang siya sa akin and I don’t even like him. Ewan ko ba kung bakit naawa pa ako sa kanya kaya sinamahan ko siya. Pero sa ginawa niya, hindi ko na hahayaang makalapit pa siya sa akin.”

“Gusto mo bang i-report siya sa mga authorities? P’wede kitang samahan.”

Umiling ito. “No, okay lang.”

“Paano kung i-harass ka na naman niya?”

“He won’t even try.”

Napailing na lang siya.

“Besides, hindi na rin naman ako magtatagal dito. I’m going back to Manila tomorrow.”

Bigla siyang naalarma.

“Ibig mong sabihin, hindi na kita makikita?”

Zaira stared at him, at saka amused na humagikgik.

“Bakit parang nag-panic ka bigla?”

“Kasi...” For the first time in his life, natameme siya sa harap ng isang babae.

“Hmm... the night is still young. Hindi pa rin naman ako inaantok. Samahan mo akong mamasyal.”

Sandali siyang natigilan. Nang ma-absorb na ng utak niya ang sinabi nito ay malapad siyang ngumisi.

“I’d love that. Pero pagkakatiwalaan mo talaga ako?”

“You saved me from a maniac. Hindi mo naman siguro ginawa iyon para ikaw ang magtuloy ng balak niyang gawin.”

“Hindi ako gan’un!”

Humagikgik itong muli. To him it was like hearing angels laugh.

“That’s what I thought, too.”

Hinawakan niya ang isang kamay nito at banayad na pinisil. Her warmth calmed his senses. Parang relaxant ang epekto ng dalaga sa kanya. Kahit ang bahagyang pagkalasing niya ay nawala.

“I promise, Zaira. I will be the perfect gentleman to you this evening.”

It was a promise he failed to keep. Dahil nang matapos ang pamamasyal nila at ihatid niya ito sa tinutuluyan nitong cottage, hindi siya nakatiis na hindi hagkan ang babae. Ang kaibahan nga lang, hindi ito tumutol. She responded in a gentle manner, kissing him the way a proper lady should.

“Good night, Calvin. And thank you for everything.”

“Good night, Zaira. I’ll see you in Manila.”

Namula ito at napakagat-labi. She was holding back a smile.

“Then, I just have to wait for you.”

Tumiyad si Zaira at nahihiyang hinalikan siya bago nagmamadaling pumasok sa loob ng cottage.

Ilang segundong nanatili siyang nakatayo sa tapat ng saradong pinto. He couldn’t believe his luck. He felt the urge to shout and laugh.

Matters Of The Heart - Doreen Laroya

He really felt ecstatic. Sumama siya kay Chase sa isang linggong Boracay trip just for a little rest and relaxation. Akalain ba niyang dito niya matatagpuan ang babaeng magpapatibok sa kanyang puso?

And boy, was he lucky!

2

“Pupunta ka ng Canada?”

Humagikgik si Zaira sa reaksyon ng nobyo.

“Nakakatuwa ka naman,” aniyang lumapit at yumakap sa baywang nito. “Exaggerated ka masyado, ha?”

“Bakit ba kasi pupunta ka pa sa Canada? P’wede ka namang mag-take ng MBA mo dito,” pagmamaktol nito.

“Honey, alam mong ’yun ang gusto ng Papa, di ba?”

“Pero dalawang taon tayong hindi magkikita.”

“Ano ka ba? P’wede mo naman akong dalawin d’un any time. At saka, araw-araw kitang tatawagan. ’Andiyan din ang *Skype*. Regular pa rin ang communication natin.”

“Kahit pa. Iba pa rin ’yung katabi kita. At saka, paano kung gusto kitang yakapin? Ano’ng gagawin ko, iha-hug ko ang laptop?”

Bumungisngis siya; lalo lang nanulis ang nguso

nito.

Zaira stared at him fondly. Sino ba ang mag-aakalang ang aksidenteng pagkakakilala nila sa Boracay ay mauwi sa isang seryosong relasyon? They had been steady for over a month. And she had never been happier.

“Calvin, Honey...” Hinawakan niya ang pisngi nito at masuyo itong hinalikan. Awtomatiko namang pumaikot ang mga braso ng lalaki sa kanyang baywang. “Please try to understand. Usapan na namin ito ni Papa noon pa. At ayoko siyang biguin.”

“Naiintindihan ko naman. It’s just that... hindi ko yata kayang wala ka sa tabi ko nang ganoon katagal.”

She arched one brow and looked at him incredulously.

“Ang notorious playboy na si Calvin Delgado?” she teased.

Lalong nagdikit ang mga kilay nito. “I’m serious, Zaira. At hindi ako playboy. Lapitin lang talaga ng mga babae.”

Humalakhak na siya. Sa gigil ay pinupog niya ng halik ang kasintahan. Hindi naman ito nakontento sa paputul-putol niyang paghalik. He grabbed her nape

to steady her head and kissed her deeply.

Nabigla siya sa ginawa nito. Hindi tuloy sinasadyang naitulak niya ang binata.

“I’m sorry. Nabigla lang ako,” hinging-paumanhin nito. Ngumiti naman siya at muli ay hinalikan ito. And he kissed her back, gentle and slow this time.

“Promise me na hindi ka titingin sa kahit sinong lalaki pagdating mo sa Canada.”

“That possessive?”

“I want your word.”

“Hmm... as long as you give me yours. Promise me na hindi ka rin titingin sa kahit sinong babae habang wala ako.”

“Alam mong ikaw lang ang mahal ko, Zaira.”

Nakangiting pinagdikit niya ang mga noo nila.

“At ikaw lang din ang mahal ko.”

Hinaplos nito ang kanyang pisngi. “Ngayon pa lang ay nami-miss na kita.”

Natatawang kumalas siya sa binata. “Gutom lang ’yan. Ang mabuti pa’y kumain na tayo. Lalamig na ’yung niluto kong dinner.”

He grumpily followed her. At kahit alam niyang masama pa rin ang loob nito dahil sa nakatakda niyang pag-alis, hindi naman nito napigil ang appetite nang makita ang sinigang na hipon at piniritong porkchop na paborito nito.

Magana itong kumain to her amusement.

“Aalis na ako. Gabi na,” paalam ng nobyo makalipas pa ang isang oras. “I’ll call you tomorrow,” anito nang nandoon na sa tapat ng pinto. Yumuko ito at hinalikan siya.

“Calvin, sandali...” tawag niya bago pa ito tuluyang makalayo. Lumingon ito sa kanya.

Napakagat-labi si Zaira. Kanina lang pumasok sa isip niya ang ideyang iyon habang kumakain sila. It was very tempting, at nakakakaba rin. Gusto na sana niyang kalimutan iyon, ngunit mas nanaig ang kagustuhan niyang bigyan ng assurance ang nobyo.

Habang nakatitig sa maamong mga mata nito ay bumabayo ang puso niya sa kanyang dibdib. Hindi siya sigurado kung tama, but she loved Calvin so much.

“May nakalimutan kang sabihin?”

“I... I want you to s-stay with me tonight,”

nakayukong sabi niya. “A-and don’t make me repeat myself!”

Sandaling naghari ang katahimikan sa pagitan nila. She took a peek at him. Nakatingin lang ito sa kanya, hindi makapaniwala.

“Zaira, are you sure?”

Kinunotan niya ito ng noo bago nagmartsa papasok, leaving the door open.

Hindi makapaniwala si Calvin sa narinig. Tama ba ang intindi niya? Gusto ni Zaira na roon siya matulog sa bahay nito?

Biglang nag-init ang dugo niya. Hindi niya mapigilang mapangiti.

Zaira had always been wary when it came to physical intimacy. May pagka-conservative ito kahit pa moderno ang hitsura. She welcomed his embraces. Tinutugon nito ang mga halik niya. Pero naroon palagi ang limitation. Sa madaling salita, hindi niya magawa ang gusto niya. Pero dahil mahal niya ang dalaga, he had mastered patience and self-control.

“Hindi ka pa ba papasok?”

He heard her shout from inside. Nagmamadali na siyang pumasok at ini-lock ang front door. Mahirap na. Baka magbago pa ang isip nito.

Nadatnan niya ito sa bedroom nito. Iyon ang unang pagkakataon na pinapasok siya roon ng katipan.

“W-wala akong maluwag na shirt. Baka kasya na ito sa ’yo. A-although I doubt if clothes are n-necessary with what I... I have in mind.” She let out a nervous giggle. She was obviously blabbering. He wanted to smile dahil pulang-pula ang mukha nito.

Nilapitan niya ang nobya na kanina pa nilalapirot ang manggas ng hawak na t-shirt. Hindi na siya magtataka kung mapunit na iyon.

“There’s no reason for you to be nervous. Kung gusto mong matulog lang tayo then that’s what we’ll do. You don’t have to give yourself to me kung hindi ka sigurado.” Walang galit sa tinig niya. Wala ring pagdaramdam. Para pa ngang gustong sumabog ng puso niya sa tuwa. For Zaira to invite him for a sleepover, malaking bagay na iyon sa kanya. It just proved kung gaano kalaki ang tiwala nito sa kanya.

“But I want to, Calvin!”

“Bakit?”

Kinagat nito ang hintuturo ng kaliwang kamay. Isang mannerism na ginagawa nito kapag kinakabahan.

“D-do I really have to answer that?”

Gusto na niyang bumunghalit ng tawa. He wanted to ravish her that instant. Pero mas naaliw siya sa nakikitang pamumula ng dalaga.

“G-gusto ko lang na... magtiwala ka sa akin. G-gusto kong patunayan na mahal kita,” nakayukong paliwanag nito.

His heart welled up once more.

“Oh, Zaira...”

Hindi na siya nakatiis. Kinabig niya ito at hinalikan. She hesitated for a moment. But she soon matched his passion. That night, he made love to her slowly, tenderly. That night, she gave him her innocence. And he felt like the luckiest man on earth.

“Hi, Honey! How are you?”

Tinig iyon ni Zaira sa kabilang linya. Napangiti si Calvin. Hindi siya makapaniwala na matatapos na ang dalawang taong pamamalagi nito sa Canada

upang mag-aral. Sa isang buwan ay uuwi na ng Pilipinas ang dalaga at magkikita na sila. He planned on proposing to her. Nasabi na niya ang plano sa papa nito at wala namang tutol si Mr. Pablo Muñoz.

Sa ngayon ay hinihintay na lang niyang bumalik mula sa honeymoon nito si Chase. Pagkatapos ay siya naman ang aalis papuntang Canada para sunduin ang katipan.

“Eto, habulin pa rin ng mga babae.”

Narinig niyang tumawa ito sa kabilang linya. He wished he could be with her that moment. Nami-miss na niya ang nobya.

“Hmm... siguraduhin mo lang, Honey, na hindi ka magpapahuli sa mga humahabol sa 'yo. Kung di'y...”

Nangunot ang noo niya. “Kung di'y ano?”

“Well, ipagpapalit kita sa isang blonde male na may blue eyes at charming smile.”

“You wouldn't dare.”

“Oh, I will. In fact, kasama ko na si Toby ngayon dito sa apartment.”

“What?” he exclaimed. “Tell me you're only

joking.”

“I’m not. Teka, ipapakausap ko siya sa ’yo.”

There was a pause and then the incessant barking of a dog. Naibuga niya ang hiningang kanina pa pala niya pinipigilan. Aso pala ang ‘Toby’ na tinawag nito.

“Zaira...”

Malakas ang naging tawa ng babae. Napailing siya.

“Lagot ka sa akin pagpunta ko diyan,” banta niya. He could imagine her raised eyebrows and teasing smile.

“Ano naman ang gagawin mo?”

“Magkukulong tayo sa kuwarto at hindi tayo lalabas nang isang buong araw.”

“Yun lang?”

“No. I’ll strip you off your clothes starting with your shoes and then your shirt. And then I’ll kiss you like you’ve never been kissed before. I’ll trail kisses from your face down your exposed flesh, I’ll suck on your ni—”

“Calvin!” putol nito.

Now it was his turn to laugh.

“That is not the proper way to talk to your girlfriend!” reklamo nito.

“You started it. ’Tapos matatakot ka,” sagot niya na tumatawa pa rin. Nakini-kinita na niyang pulang-pula ito.

Sandali itong hindi kumibo.

“Honey, are you still there?”

“Yes.”

“Galit ka ba? I’m sorry, I didn’t mean to...”

“No, hindi ako galit. It’s just that... you got me t-turned on.” Halos bulong na lang ang huling sinabi nito.

Napahagalpak siya ng tawa.

“So what are we going to do about it?”

“Wala! I’ll just take a quick shower so I’ll hang up na.”

Napatawa na naman siya.

“I love you, Zaira,” anas niya.

“I love you, too. Sana bumalik na sina Chase para

makapunta ka na dito.”

“Pabalik na sila next week. Naka-schedule na ang flight ko. Alam ni Chase ’yun. I’ll leave with or without him here.”

“I’ll look forward to seeing you.”

“Ako din.”

Ilang minuto pa silang nag-usap bago nito tinapos ang conversation nila.

Isinuksok niya sa bulsa ng pantalon ang cellphone.

“Mukhang seryoso ka na talaga kay Zaira, ha?”

Nilingon niya si Chesca. Nanunukso ang ngiti nito.

Tinaasan niya ito ng kilay.

“When did you learn to eavesdrop on me?”
napapantastikuhang tanong niya.

“Hindi ko na kailangang mang-eavesdrop. Dinig kaya kita hanggang doon,” turo nito sa puwesto ng isang matrimonial bed na nasa kabilang ibayo ng showroom nila. “I’ll strip you off your clothes starting with your shoes,” panggagaya nito sa tono niya kanina.

Tinitigan niya nang masama ang babae na tila hindi man lang natakot. Tumawa pa ito nang malakas.

“I’ve talked to her dad the other day. I’ve asked him for her hand in marriage,” seryosong pahayag niya.

“And?”

Nagkibit siya ng balikat. “Pumayag ang daddy niya.”

Namilog ang mga mata ni Chesca at walang babalang niyakap siya.

“Oh, Calvin! I’m happy for you. Congratulations!”

“Saka mo na ako i-congratulate pag nakapag-propose na ako at tinanggap na ni Zaira.”

“Sus! Para namang tatanggihan ka pa niya. Zaira’s an intelligent woman. Alam kong alam niya kung gaano ka kaespesyal.”

Calvin regarded his friend with a teasing smile.

“Sinasabi mo ba ’yan dahil kaibigan kita o dahil boss mo ako at gusto mong humirit ng increase?”

Umingos ito. “As if naman magbibigay ka? Kung kay Boss Chase pa ako humirit, baka sakali pa.”

Humalakhak siya.

Matagal na nilang receptionist si Chesca. She was undeniably beautiful, pasok sa bracket ng mga tipo nilang babae ni Chase. But there was something about her, like an imaginary oversized hands-off sign na pumigil sa kanilang magkaibigan na magparamdam sa dalaga.

Aside from being an efficient employee, she had been a trusted and dear friend. At wala siyang balak baguhin iyon.

“So ano na ang plano mo ngayon?” tanong nito.

“Pagbalikni Chase, ako naman ang magbabakasyon. Susunduin ko si Zaira sa Canada.”

“Yes! Makakahigop na naman ng mainit na sabaw! Abay ako, ha?”

“Oo na! Sino pa ba ang kukunin ko?” May pumasok sa kanyang isip. “Ikaw, wala ka bang balak mag-asawa? Hanggang ngayon wala ka pang ipinapakilalang boyfriend sa amin.”

Hindi niya alam kung imagination lang niya, pero gumuhit ang takot sa mga mata nito. She turned her gaze away instantly.

“W-wala naman akong ipapakilala,” anito sa

alanganing tinig.

Calvin knew he had struck a chord. Chesca had always been mysterious. May mga bagay itong hindi sinasabi sa kanila. At gustuhin man niyang usisain ito, he was in no position to do so.

“Pinapaalala ko lang. Sayang naman ang ganda mo kung forever ka nang magiging bridesmaid.”

Hindi na lang ito kumibo.

3

“Saan ka ba galing? Anong oras na?”

Bakas ang galit sa mukha ni Calvin nang salubungin ang asawang kapapasok lang ng bahay.

They had been married for over a year at three months old na ang panganay nilang si Sachi. Wala silang problema. Masaya siya sa pagsasama nila ni Zaira. Only, nitong nakararaang mga araw ay napapansin niyang palagi itong ginagabi ng uwi. Masyado itong nawiwili sa pagtatrabaho.

“Nagkaroon kasi ng emergency meeting sa opisina. Nag-aya pa mag-dinner si Tito Luis. Hindi naman ako makatanggi.”

Lalong nadagdagan ang inis niya. He impatiently combed his hair with his fingers and tried to get hold of his anger.

“Zaira, akala ko ba’y napag-usapan na natin ito? Hindi ako tumututol na magtrabaho ka. Pero sana unahin mo ang anak mo.”

Zaira stared at him crossly. “Ano ba ang problema mo? Hindi ko naman kayo pinababayaan, ah.”

Naningkit ang mga mata niya. “Really? Alam mo bang inaapoy ng lagnat si Sachi nang dumating ako?”

Nanlaki ang mga mata nito. “W-what? P-pero okay naman siya kanina nang iwan ko.”

“Kanina pa daw nagmamaktol si Sachi. Ang sabi ni Dr. Cruz, it’s a respiratory tract infection. Mabuti na lang at naagapan.”

“I... I didn’t k-know...” Nanlalambot itong napaupo sa sofa.

“Obviously!” he said with mockery.

“Look, I admit it’s my fault. Pero hindi ko ginustong magkasakit ang anak natin.”

“Kung umuwi ka lang nang maaga, di maaga sanang natingnan ng doctor ang bata,” galit pa ring sabi niya.

“I said I’m sorry! Inaamin ko na ngang mali ako. Ano pa ba’ng gusto mo?” mataas na ang tinig na turan nito.

“It’s not enough! Ni hindi mo kasi naisip, paano kung hindi rin ako nakauwi nang maaga? Paano kung lumala pala ang sakit ni Sachi?”

“May tumitingin naman sa kanya. It’s not as if

I've left her all alone.”

“Yan! Ganyan ang katuwiran mo. Kampante ka dahil may yaya naman ang bata. You're her mother! You should take care of her. You should take care of us!”

“Bakit ba galit na galit ka? Hindi naman malubha ang sakit ni Sachi. Ikaw na rin ang nagsabi. I can't understand why you're so pissed!” balik nito.

Tumalikod si Calvin sa asawa at humugot ng malalim na hininga. Hangga't maaari ay gusto niyang kausapin ito nang malumanay. Pero kanina pa siya talaga nagagalit. Sumabay pa ang sobrang pag-aalala niya sa anak.

“Galit ka ba dahil iniwan ko si Sachi o dahil ilang gabi na kitang hindi pinagbibigyan? Iyon ba ang rason, Calvin?”

Bigla siyang napalingon dito, completely stunned.

“That's not true!” he muttered, extending his arms upward in exasperation.

It was Zaira's turn to mock him.

“Iyon naman talaga ang dahilan ng ipinagsisintir mo, di ba? I haven't been cooperative in bed!”

Lumapit siya rito. “Ano ba ang tingin mo sa akin? Isang sex maniac na hindi kayang kontrolin ang libido niya? I can’t believe you’re throwing sex into the issue. Ni hindi iyon ang punto! Ang punto’y’yung nakakalimutan mo na ang tungkulin mo sa anak mo. Mas gusto mo pang magtrabaho kaysa alagaan ang pamilya mo!”

“Para din kay Sachi ang ginagawa ko!”

“I can provide for both of you. Hindi mo na kailangang magtrabaho. Hindi ka naman pinipilit ng papa mo na pamahalaan ang kompanya n’yo. May asawa’t anak ka na, you should always bear that in mind.”

“At paano naman ang gusto ko? Hindi mo lang alam kung gaano kalaki ang isinakripisyo ko nang magpakasal ako sa ’yo.”

Now he was not only surprised by the revelation, he was deeply hurt.

“So you’re saying now na nagsisisi kang nagpakasal ka sa akin?”

Sandali itong natilihan. “T-that’s not what I m-meant.”

“Then what do you really mean, Zaira?” tanong

niya sa malamig na tinig.

She groaned in frustration.

“Oh, please, Calvin! Huwag na nating gawing malaking issue ito. I already said I’m sorry. Kung napabaya ko man kanina si Sachi, that doesn’t make me a bad mother. I love my daughter. And I love you! Pero may mga pangarap din ako. Huwag mo namang alisin sa akin ang opportunity para tuparin ang mga ’yun. Marriage doesn’t give you the right to run my life.”

She stormed out of the living room just like that. Hindi na muna niya sinundan ang asawa dahil hahaba lang ang diskusyon nila. Nagpunta siya sa mini-bar at kinuha ang isang bote ng mamahaling brandy. Hindi na siya nag-abalang magsalin sa baso. Derecho niyang tinungga ang alak mula sa bote.

Nangangalahati na ang iniinom niya nang magpasya siyang umakyat sa silid nila. Tulog na si Zaira. And apparently, she had been crying. Nakaramdam siya ng guilt.

His accusations were uncalled for. So she made a lapse in judgement, hindi naman ibig sabihin niyon ay masama na itong ina, na masama na itong asawa.

“I’m sorry, Honey...” he whispered. Umungol

lang ito nang haplusin niya sa pisngi.

Malalim siyang bumuntong-hininga, pumasok sa banyo para mag-shower. Pagkatapos ay tumabi na siya sa asawa. Niyakap niya ito. Pero di tulad ng dati nitong ginagawa, tumagilid ito patalikod sa kanya.

Pinabayaan na lamang niya si Zaira.

Kinabukasan ay hindi ito pumasok sa opisina. Ayon sa mga katulong ay maghapon nitong binantayan si Sachi. Natuwa naman siya, but his joy was short-lived. Dahil hindi pa rin siya pansin nito nang umuwi siya. And she had intentionally avoided any conversation with him.

Kinabukasan ay kasabay niya itong mag-almusal. Bihis ito at obvious na papasok sa trabaho. Hindi pa rin siya kinikibo.

Nauna itong matapos kumain.

“Mauuna na ako. Baka gabihin ako uli. May imi-meet akong client mamayang four, hindi ko alam kung anong oras matatapos ang appointment ko.”

“Zaira...”

“Please, Calvin. Ayoko nang makipag-away. I’m in the middle of an important business deal. Pagkatapos nito, I promise I’ll stay home.”

Hinawakan niya ang pisngi nito. “I’m sorry. Sa mga nasabi ko noon sa ’yo.”

Nakita niyang lumamlam ang mga mata nito. And she bit her lower lip to suppress a sob. Ever so gently she replied, “I’m sorry, too. I didn’t mean to take you and Sachi for granted.”

“I know.” Nginitian niya ang asawa na gumanti na rin ng ngiti. “I love you, Honey. Walang pinakamahalaga sa akin kundi kayong dalawa ng anak natin.”

“At mahal na mahal ko din kayong dalawa. It’s just that...”

“Shh!” Ipinatong niya ang hintuturo sa ibabaw ng mga labi nito upang pigilin itong magpatuloy sa nais sabihin. “Naiintindihan kita. Masyado lang naging makitid ang ulo ko, nakalimutan kong may mga gusto ka ring gawin para sa sarili mo. I guess we can come up with a compromise. Pero saka na natin pag-usapan. Baka ma-late ka na.”

Niyakap siya ni Zaira. Sabay nilang inakyat ang kanilang anak para magpaalam. Hindi na nito dinala ang sariling kotse at nagpahatid na lang sa kanya.

Nang ibaba niya ito sa lobby door ng opisina ng ama nito ay niyakap pa niya ito nang mahigpit at

hinalikan bago ito tuluyang pumasok.

Excited na umuwi si Zaira kinagabihan. Tumawag na siya kay Calvin at sinabing pauwi na siya.

She was in the mood for making love, pilya niyang naisip. Masaya lang siguro siya dahil positibo ang naging pag-uusap nila ng kanyang kliyente. At napagtanto rin niyang malaki na ang kanyang pagkukulang kay Calvin bilang asawa.

She had refused him on several nights at hindi naman siya pinipilit nito. Pero alam niyang malaki ang epekto niyon sa asawa. They were technically still on the honeymoon stage. Batid niyang nananabik sa kanya ang kabiyak.

Napapangiti siya sa tuwing naiisip ang mga erotic things na gusto niyang gawin mamaya kasama nito.

She was so engrossed with her daydreaming na hindi na niya napunang sobrang bilis magpatakbo ng taxi driver. Nag-signal na ang yellow light sa daraanan nilang intersection, pero ni hindi ito nagmenor.

Huli na para makaiwas pa. Zaira felt the impact of the collision. Tumalsik siya sa kabilang dulo ng passenger seat. Umikot ang taxi counter-clockwise,

leaving her side vulnerable to the approaching traffic. In her hazy vision, she saw a six-wheeler truck skid toward them.

“C-Calvin...”

Nakabibingi ang pingkian ng metal sa metal. Parang bola siyang tumalbog sa loob. But she could not feel any pain for her body was already paralyzed. Her last vision was of Calvin and their daughter bago niya ipinikit ang mga mata.

Nagulat si Calvin nang biglang bumunghalit ng iyak si Sachi. Kaagad niyang kinarga ang anak, pero kahit anong hele niya ay ayaw nitong tumahan.

Bigla siyang kinabahan. Hindi niya maipaliwanag ang kakaibang lamig na lumukob sa kanya, leaving his body numb. Tinawag niya ang yaya at ipinasa rito ang umiiyak pa ring sanggol.

Para siyang wala sa sarili at hindi niya iyon maunawaan.

Zaira...

Lalo siyang kinabahan dahil bigla na lang sumingit sa isip niya ang asawa.

The phone rang. Napatingin siya sa aparato na parang isa iyong radioactive material from outer space. Hindi niya maunawaan kung bakit takot siyang damputin ang receiver.

“Sir? Sasagutin ko na po ba?” tanong ng isang katulong na halatang nagtataka sa ikinikilos niya. One moment he was normal and amiable, the next moment he was acting all weird.

“N-no, uhm... ako na.” Dinampot niya ang receiver. “H-hello?”

Hindi pamilyar sa kanya ang tinig ng lalaking nagsalita.

“P’wede ko po bang makausap si Mister...” There was a pause. Narinig niyang naghalukay ito kung saan. “Calvin Delgado?”

“Speaking. Who’s this?”

“Mr. Delgado, this is SPO3 Montoya. Your wife was involved in a vehicular accident half an hour ago.”

Nanigas ang buong katawan niya. His hold on the receiver tightened. Sa background ay dinig niya ang panaka-nakang pag-iyak ng anak at ang pagpapatahan dito ng yaya.

Marami pang sinabi ang kausap niyang pulis. Pero isa lang ang tumimo sa isip niya. Dead on the spot si Zaira, ayon sa mga rumespondeng paramedics.

Maraming tao sa loob ng bahay ng mga Delgado. Everyone was dressed for something formal na tila ba may isang party ang nagaganap. Except that everyone had gloomy faces.

Katatapos lang ng libing ni Zaira. Mga kamag-anak at mga kaibigan nilang mag-asawa ang naroon. Nakaupo sa sofa ang mga magulang niya kausap ang papa ni Zaira. Chase was in one corner observing his every move. Naroon din si Lola Dulce. Si Adie ay abala sa pagmamando sa mga katulong at pag-eestima sa mga natitirang bisita.

Sa mga kaibigan niya ay si Chesca lang ang hindi nakarating dahil kabuwanan na nito at hindi na puwedeng bumiyahe sa eroplano.

Iniakyat na ng yaya si Sachi para patulugin. Napagod na sa kaiiyak ang bata. Thanks to Adie who had been so patient with his daughter. Nagawa nitong pakalmahin ang sanggol kanina nang bigla itong bumunghalit ng iyak nang makita ang ina.

Naikuyom niya ang mga kamay.

He could feel every pair of eyes on him. And it only escalated the tension inside his body. Hindi niya magawang tingnan ang kahit sinuman. Hindi niya kayang makita ang awa sa mata ng mga ito.

Tumayo siya at nagmamadaling tinungo ang hagdanan. Naabutan siya ni Chase at nahawakan sa braso.

“Calvin...”

Nagtagis ang mga bagang niya. Hindi niya nilingon ang kaibigan. Nakaunawa naman ito. Binitiwang din siya nito matapos magpakawala ng isang buntong-hininga. Mabilis siyang umakyat at nagkulong sa kanyang silid.

There was an eerie silence where laughter once emanated. Malungkot siyang umupo sa kama, wala sa sariling hinaplos ang kabilang bahagi kung saan nahihiga si Zaira.

That space would be forever empty, wala nang mahihiga, wala nang magbibigay ng init. Parang ang malaking bahagi ng puso niya ay naging hungkag... malamig...

Ano na ang gagawin niya ngayon? Magagawa kaya niyang umakto nang normal sa darating na mga araw?

He wanted to curse the heavens. Napaka-unfair naman! Hindi siya masamang tao para parusahan nang ganoon!

Nagsisimula pa lang sila ni Zaira. Marami pa silang plano. They wanted a big family. Pero imposible nang mangyari iyon ngayon. Wala na ito. Kinuha na sa kanya.

Isinubsob ni Calvin ang mukha sa dalawang palad. Mayamaya pa'y yumuyugyog na ang kanyang mga balikat. Saksi ang apat na sulok ng kuwartong iyon nang ilabas niya ang luhang ilang araw na niyang pinipigilan.